Mga Madalas na Katanungan (FAQs) para sa mga Magulang

Bakit Mahalaga ang mga Nakagawiang Bakuna

1. Bakit mahalaga sa aking anak ang makakuha ng mga nakagawiang pagpapabakuna?

- Ang mga pagpapabakuna at maayos na pagbisita ng bata ay mahalaga para sa lahat ng mga bata at lubhang kinakailangan para sa mga wala pang dalawang taong gulang. Tinutulungan nito ang iyong anak na manatiling ligtas at malusog. Pinoprotektahan sila nito mula sa malulubha at nakapipinsalang mga sakit tulad ng tigdas, beke, polyo at pertussis (ubong mahalak).
- Kung may ilang bakuna ang nakaligtaan ng iyong anak, ngayon ang mainam na panahon para makahabol.
- Para sa listahan ng mga bakuna na kailangan ng mga bata batay sa edad, bisitahin ang www.cdc.gov/vaccines/schedules/parents/index.html.

2. Saan ko maaaring dalhin ang aking anak para makakuha ng kanilang mga nakagawiang bakuna?

- Maaaring makuha ng iyong anak ang kanilang mga bakuna mula sa kanilang doktor o sa lokal na parmasya. Tandaan na maraming mga parmasya ang hindi maaaring magbakuna ng mga batang wala pang 3 taong gulang. Kung wala kang seguro sa kalusugan (health insurance) o regular na doktor para sa iyong anak, pumunta sa isang libre o murang klinika sa pagpapabakuna. Bisitahin ang ph.lacounty.gov/ip/clinics.htm o tawagan ang 2-1-1 upang makahanap ng klinikang malapit sa iyo. Ang 2-1-1 ay magagamit ng 24 na oras sa loob ng isang araw at nagbibigay ng impormasyon sa maraming wika.



3. Dapat bang magpabakuna sa COVID-19 ang aking anak?

- Oo. Ang COVID-19 ay karaniwang mas banayad sa mga bata, ngunit ang ilang mga bata ay malubhang nagkakasakit at/o nakakakuha ng pangmatagalang mga problema mula sa COVID-19 na maaaring makaapekto sa kalidad ng kanilang buhay. Ito ay maaari pa ngang mangyari sa mga malulusog na bata na walang mga medikal na kondisyon. Ang pagpapabakuna sa iyong anak ay nagpapababa ng panganib na makuha ang mga komplikasyong ito. Para sa pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19, dapat na kunin ng iyong anak ang lahat ng kanilang rekomendadong dosis ng bakuna kabilang ang (mga) pampalakas na bakuna (boosters), kung kwalipikado.
- Upang malaman ang mas marami pa, bisitahin ang VaccinateLACounty.com.

4. Maaari bang sabay na mabakunahan laban sa COVID-19 at iba pang mga sakit ang aking anak?

- Oo. Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring ibigay nang sabay sa iba pang mga nakagawiang bakuna. Ang iyong anak ay hindi kailangang maghintay sa pagitan ng pagkuha ng bakuna sa COVID-19 at iba pang mga bakuna, kabilang ang bakuna sa trangkaso.

5. Kakailanganin ko ba ang mga talaan (records) ng pagbabakuna ng aking anak kapag sila ay nagparehistro sa paaralan o pangangalagang pambata (childcare)?

- Oo. Ang lahat ng mag-aaral na pumapasok sa pangangalagang pambata, kindergarten, at ika-7 grado, at lahat ng mga estudyante na nagsisimula sa bagong distrito ng paaralan ay kakailanganing magpakita na kanilang natanggap na ang lahat ng mga nakagawiang bakuna na iniaatas. Para sa mga detalye, bisitahin ang www.shotsforschool.org.

Bakit Mahalaga ang mga Nakagawiang Bakuna